
1

# Mathematics

## Quarter 2 – Modyul 3:

## Visualizing and Solving One-Step Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers Including Money with Sums Up To 99 Using Appropriate Problem Solving Strategies



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 2–Module 3: Visualizing and Solving One-Step Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers Including Money with Sums Up To 99 Using Appropriate Problem Solving Strategies**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jocelyn C. Manuel

**Editor:** Gian Carlo T. Pattaguan, Arnel M. Batalla, Nerlisa J. Domingsil, Maria Loreza J. Tumanguil

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Isagani R. Duruin

**Tagalapat:** Jocelyn C. Manuel, Dorely Eliza P. Dela Cruz

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rogelio H. Pasinos
Jecelyn De Leon
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Mathematics

## Quarter 2 – Modyul 3:
## Visualizing and Solving One-Step Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers Including Money with Sums Up To 99 Using Appropriate Problem Solving Strategies

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Dinisenyo at isinulat ang modyul na ito bilang gabay sa iyong pag-aaral upang maunawaan ang konsepto ng paglutas sa one-step word problem gamit ang pagdaragdag ng buong bilang at pera. Saklaw ng modyul na ito ang paggamit sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ginamitan ang modyul na ito ng wika at talasalitaan na naaangkop sa iyong antas at karanasan.

Ang modyul ay nakapokus sa kasanayan sa pagkatuto na:

- Visualizes and solves one-step routine and non-routine problems involving addition of whole numbers including money with sums up to 99 using appropriate problem solving strategies.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- Makalulutas ng sitwasyon o suliranin gamit ang pagdaragdag ng buong bilang at pera
- Matututunan ang limang hakbang sa pagsagot ng sitwasyon o suliranin.


# Subukin


A. Isulat ang tamang sagot sa mga sumusunod na *addition sentence*. Maari kang gumamit ng counter o anumang bagay na pamilang upang mabilis na maibigay ang sagot.


1. 8 + 6 = ____
2. 7 + 5 = ____
3. 8 + 4 = ____
4. 9 + 5 = ____
5. 6 + 6 = ____


B. Sagutan ang mga sumusunod gamit ang pagdaragdag without regrouping.











# Balikan

A. Ibigay ang kasagutan sa mga sumusunod gamit ang pagdaragdag with regrouping

1. $\begin{array}{r} 35 \\ +25 \\ \hline \end{array}$

2. $\begin{array}{r} 56 \\ +37 \\ \hline \end{array}$

3. $\begin{array}{r} 45 \\ +29 \\ \hline \end{array}$

4. $\begin{array}{r} 39 \\ +34 \\ \hline \end{array}$

5. $\begin{array}{r} 56 \\ +27 \\ \hline \end{array}$

B. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan.

| Si Gian ay bumili ng 8 pulang rosas at 6 na puting rosas. Ilan lahat ang biniling rosas ni Gian? |
|---|

1. Ilang pulang rosas ang binili ni Gian?_________
2. Ilang putting rosas?_________________
3. Ilan lahat ang biniling rosas ni Gian?______________

## *Tuklasin*

A. Basahing mabuti ang sitwasyon at lagyan ng kahon ang tamang sagot sa mga katanungan.

| |
|---|
| Si Ana ay may 3 mansanas sa basket at 2 bayabas sa trey. Ilan lahat ang aking mga prutas? |

Mga Tanong:

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
   - bilang ng mga mansanas
   - bilang ng mga bayabas
   - bilang ng mga prutas
2. Ano-ano ang mga facts o given?
   - 3 mansanas
   - 2 bayabas
   - 3 mansanas at 2 bayabas
3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?
   - ilang lahat (pagdaragdag)
   - ilang lahat (pagbabawas)
4. Ano ang number sentence o pamilang na pangungusap?
   - 3 + 1 = 4
   - 3 + 2 = 5
   - 3 + 3 = 6
5. Ano ang kumpletong sagot?
   - 3 mansanas
   - 2 bayabas
   - 5 pruta

## Suriin

Bilangin ang prutas ni Ana .

Ano ang hinahanap sa suliranin?

- **Bilang ng prutas ni Ana**

Ano-ano ang mga facts o given?

- **3 mansanas at 2 bayabas**

Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?

- **ilan lahat** (pagdaragdag)

Ano ang number sentence o pamilang na pangungusap?

- **3 + 2 = N**

Ano ang kumpletong sagot?

- **5 prutas**

Si Ana ay may limang prutas (5)

## Pagyamanin

A. Basahin ang sitwasyon at sagutan ang mga sumusunod na tanong.

| |
|---|
| Bumili si Roy ng papel sa halagang ₱15.00. Bumili din siya ng lapis sa halagang ₱13.00. Magkano ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan na binili ni Roy? |

Mga Tanong:

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
   a. bilang ng mga papel
   b. bilang ng mga gamit sa paaralan
   c. bilang ng mga lapis

2. Ano-ano ang mga facts o given?
   a. ₱15.00 na papel
   b. ₱13.00 na lapis
   c. ₱15.00 na papel at ₱13.00 na papel

3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?
   a. kabuuang halaga (pagdaragdag)
   b. kabuuang halaga (pagbabawas)
   c. ilang lahat ( pagdaragdag)

4. Ano ang pamilang na pangungusap?
   a. ₱15.00 + ₱13.00 = ₱28.00
   b. ₱15.00 + ₱10.00 = ₱25.00
   c. ₱10.00 + ₱13.00 = ₱23.00

5. Ano ang kumpletong sagot?
   a. ₱28.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan
   b. ₱25.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan
   c. ₱23.00 ang kabuuang halaga ng mga gamit sa paaralan

B. Basahing mabuti ang suliranin. Gamitin ang 5 hakbang na natutuhan. Salungguhitan ang tamang sagot.

| |
|---|
| Pumunta si Nanay Belen sa palengke. Bumili siya ng puting itlog sa halagang ₱25.00 at pulang itlog sa halagang ₱33.00. Magkano lahat ang biniling itlog ni Nanay Belen? |

Mga Tanong:

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
   bilang ng mga ( prutas, itlog)

2. Ano-ano ang mga facts o given?
   (₱25.00 na puting itlog at ₱33.00 na pulang itlog)
   (₱25.00 na kamatis at ₱33.00 na patatas)

3. Ano ang word clue?
   (lahat, pinagsama, kabuuan)

3. Ano ang operasyon na gagamitin?
   (pagdaragdag, pagbabawas)

4. Ano ang pamilang na pangungusap?
   (₱25.00 + P33.00 = ₱58.00)
   (₱25.00 + P33.00 = ₱48.00)

5. Ano ang kumpletong sagot?
   (₱58.00 na kabuuang halaga ng mga itlog)
   (₱58.00 na kabuuang halaga ng mga gulay)

## *Isaisip*

May limang hakbang sa pagsusuri ng suliranin gamit ang pagdaragdag. Ito ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga sumusunod:

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
2. Ano-ano ang mga facts o given?
3. Ano ang word clue at operasyong gagamitin?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Ang unang hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay alamin ang hinahanap o tinatanong.

Ang ikalawang hakbang sa pagsuri ng suliranin ay hanapin ang ibinigay na given o facts.

Ang ikatlong hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay hanapin ang word clue at operasyong gagamitin. Ang mga salitang ilan, lahat, kabuuang bilang o halaga at pinagsama ay mga word clues. Ang mga salitang ito ang nagsasabi kung ano ang gamiting operasyon para masagot ang suliranin.

Ang ikaapat na hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay ang pagbibigay ng number sentence o pamilang na pangungusap.

Ang ikalimang hakbang sa pagsusuri ng suliranin ay ang pagbibigay ng kumpletong sagot. Tandaan na lagyan ng label ang sagot.



# *Isagawa*

**Gawain 1:**

A. Basahing mabuti ang suliranin at piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| |
|---|
| Namitas ang magkaibigang Kim at Ella ng mga bulaklak sa hardin. Si Kim ay pumitas ng 44 na rosas at 32 na gumamela ang pinitas ni Ella. Ilan lahat ang mga bulaklak na pinitas ng magkaibigan? |

A. 76 na bulaklak
B. bilang ng mga bulaklak
C. 44 + 32 = 76
D. ilang lahat
E. 44 na rosas at 32 na gumamela
F. pagdaragdag

_____1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
_____2. Ano-ano ang mga facts o given?
_____3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?
_____4. Ano ang pamilang na pangungusap?
_____5. Ano ang kumpletong sagot?

**Gawain 2:**

B. Basahin ang suliranin. Sundin ang mga panuto na nakasaad sa ibaba upang makuha ang wastong sagot.

| |
|---|
| Napakarami ang bunga ng kamatis nila Zyrille kaya niyaya niya si Melay na mamitas. Namitas si Zyrille ng 35 na kamatis at 22 kamatis naman kay Melay. Ilan ang kamatis na napitas ng dalawa kapag pinagsama? |

Sundin ang panuto:

1. Bilugan ang hinahanap o tinatanong sa suliranin.
2. Salungguhitan ang mga facts o given.
3. Ikahon ang word clue.
4. Isulat sa patlang ang operasyon na gagamitin. ______
5. Isulat sa loob ng kahon sa ibaba ang pamilang na pangugusap.

| |
|---|
| |

6. Isulat sa patlang ang kumpletong sagot.

________________________________________

# Tayahin

A. Basahin ang suliranin. Gamit ang limang hakbang sa pagsuri ng suliranin, sagutan ang mga katanungan sa ibaba. Ipakita ang solusyon sa pagkuha ng sagot.

| |
|---|
| Namasyal kami sa SM. Kumain kami sa Jollibee. Nag-order ako ng spaghetti sa halagang P50.00 at sorbetes sa halagang P25.00. Magkano ang kabuuang halaga ng pagkain na aking inorder? |

Mga tanong:

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?

    ____________________________________

2. Ano-ano ang mga facts o given?

    ____________________________________

3. Ano ang word clue? ____________________

    Ano ang operasyon na gagamitin? ________________

4. Ano ang pamilang na pangungusap?

    ____________________________________

5. Ano ang kumpletong sagot?

    ____________________________________

# Karagdagang Gawain

A. Gamitin ang limang hakbang na natutuhan. Lutasin ang problema o suliranin na nasa kahon sa ibaba.

| |
|---|
| Si Mang Kardo ay isang mangingisda. Isang umaga, nakahuli siya ng 38 tulingan at 20 talakitok. Ilan ang kabuuang bilang ng mga isdang nahuli ni Mang Kardo? |

1. Ano ang hinahanap sa suliranin?
2. Ano-ano ang mga facts o given?
3. Ano ang word clue at operasyon na gagamitin?
4. Ano ang pamilang na pangungusap?
5. Ano ang kumpletong sagot?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.
1. 14
2. 12
3. 12
4. 14
5. 12

B.
1. 88
2. 78
3. 88
4. 59
5. 97

**Balikan**

A.
1. 60
2. 93
3. 74
4. 73
5. 83

B.
1. 8
2. 6
3. 14

**Tayahin**

1. kabuuang halaga ng pagkain
2. ₱50.00 na spaghetti at ₱25.00 na sorbetes
3. kabuuang halaga ; pagdaragdag
4. ₱50.00 + ₱25.00 = ₱75.00
5. ₱75.00 na kabuuang halaga ng pagkain

**Isagawa**

A.
1. B
2. E
3. D
4. F
5. C
6. A

B.
1. bilang ng pinagsamang pinitas na kamaits(bilugan)
2. 32 at 25 na kamatis(salungguhitan)
3. ilan; pinagsama(ikahon)
4. addition(patlang)
5. 35+22=57isulat sa kahon)
6. 57(isulat sa patlang)

**Pagyamanin**

A.
1. B
2. C
3. A
4. A
5. A

B.
1. **itlog**
2. **₱25.00 na puting itlog at**
   **33.00 na pulang itlog**
3. **lahat ; pagdaragdag**
4. **₱25.00 + ₱33.00 = ₱58.00**
5. **₱58.00 na mga itlog**

# *Sanggunian*


K to 12 Curriculum Guide August 2016

Mathematics Learner's Materials

Lesson Guides in Mathematics 1

https://clipart.library.com

https://www.123rf.com

https://lrmds.deped.gov.ph

Alternative Delivery Mode

https://www.learningisfun.com.ph/learn-ahead-mathematics-grade-1

https://webstockreview.net/image/clipart-apples-mansanas/2370531.html

https://m.lovepik.com/ph/images/1685121.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph